WHAT SHAPES US

# Banal na Espiritu

WEEK 5

## WARM-UP

- Sino ang pinakamakapangyarihan at pinakamatalinong tauhang napanood mo sa isang pelikula o nabasa sa isang libro? Magbahagi ng mga kwentong nagpapakita ng mga katangiang ito tungkol sa kanya.
- Ano ang isang bagay na alam mong hindi mo kakayaning mabuhay kung wala ito sa iyo?
- Kung may isang taong maaari mong makasama sa lahat ng oras, sino ang pipiliin mong makasama? Bakit?

## WORD

*16"At hihilingin ko sa Ama na bigyan niya kayo ng isang Tagatulong na sasainyo magpakailanman. 17Siya ang Banal na Espiritu na tagapagturo ng katotohanan. Hindi siya matanggap ng mga taong makamundo dahil hindi siya nakikita o nakikilala ng mga ito. Pero kilala n'yo siya, dahil kasama n'yo siya at sasainyo magpakailanman."*

**JUAN 14:16–17**

Ang buhay ng isang Kristiyano ay buhay na nakasentro sa pagmamahal sa Diyos at sa mga tao. Maaaring nakakatakot ang tungkuling ito, dahil sa mga limitasyon natin at iba't ibang pangyayaring hinaharap natin araw-araw. Maaaring ganito rin ang naramdaman ng mga disipulo noong sinabi sa kanila ni Jesus na pupunta na Siya sa langit. Ngunit ipinangako ni Jesus ang isang Tagatulong. Sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, matatagpuan natin ang dakilang pinagkukunan ng kaginhawahan at kaligayahan. Hindi ipinapamuhay ang pagiging Kristiyano sa pamamagitan ng sarili nating kakayahan kundi sa pamamagitan ng presensya at kapangyarihan ng Diyos. Ngayong araw, titingnan natin ang mga benepisyong ibinibigay sa atin ng Banal na Espiritu at kung paano makakatulong ang mga katotohanang ito sa paghubog ng ating buhay.

## 1 Ang Banal na Espiritu ay nananahan sa mga mananampalataya.

*[16]"At hihilingin ko sa Ama na bigyan niya kayo ng isang Tagatulong na sasainyo magpakailanman. [17]Siya ang Banal na Espiritu na tagapagturo ng katotohanan. Hindi siya matanggap ng mga taong makamundo dahil hindi siya nakikita o nakikilala ng mga ito. Pero kilala n'yo siya, dahil kasama n'yo siya at sasainyo magpakailanman."* **JUAN 14:16–17**

Isa sa mga pinakamalaking biyaya sa buhay ng isang Kristiyano ang presensya ng Diyos. Nagiging totoo para sa atin ang pagkilala sa Diyos at pagkakaroon ng malapit na ugnayan sa Kanya dahil nananahan sa atin ang Kanyang Espiritu. Bilang mga Kristiyano, nakakasiguro tayo sa ating kaligtasan dahil tinatakan na ito ng Banal na Espiritu at Siya ang nagpapatotoo na tayo ay mga anak ng Diyos. Dahil nananahan sa atin ang Banal na Espiritu, tayo ay kaisa ni Jesus. Nagkaroon tayo ng daan upang matanggap ang lahat ng pagpapalang espiritwal na inilaan ng Diyos para sa atin kay Cristo. Tuwing nababahala o natatakot tayo, matatagpuan natin ang kaligayahan, kapayapaan, at kaginhawahan sa Banal na Espiritung nananahan sa atin. Paano mo ito naranasan sa iyong buhay?

## 2 Ang Banal na Espiritu ang nagpapakita ng katotohanan ng Diyos sa mga mananampalataya.

*"Siya ang Banal na Espiritu na tagapagturo ng katotohanan. Hindi siya matanggap ng mga taong makamundo dahil hindi siya nakikita o nakikilala ng mga ito. Pero kilala n'yo siya, dahil kasama n'yo siya at sasainyo magpakailanman."* **JUAN 14:17**

Maaaring mabasa at maunawaan ng isang tao ang mga nilalaman ng Bibliya. Gayunpaman, ang Bibliya ay hindi lamang inilaan para mapagkunan ng impormasyon tungkol sa Diyos. Ipinapahayag nito kung sino Siya at kung ano ang ginawa Niya. Hindi ito matutupad sa pamamagitan ng kakayahan ng tao, kundi sa pamamagitan ng gawain ng Espiritu, na Siyang nagpapakita ng katotohanan sa bawat mananampalataya.

Mauunawaan natin kung sino talaga ang Diyos dahil binubuksan ng Banal na Espiritu ang ating mga mata't isipan. Tuwing binabasa, pinapakinggan, at sinusunod natin ang Bibliya, tinutulungan tayo ng Banal na Espiritu na malaman at maunawaan ang katotohanan ng Diyos. Ano ang sinasabi sa Juan 14:26?

3 **Ang Banal na Espiritu ang nagbibigay ng kakayahan sa mga mananampalataya para sa kanilang buhay, ministeryo, at misyon.**

*16"At hihilingin ko sa Ama na bigyan niya kayo ng isang Tagatulong na sasainyo magpakailanman. 17Siya ang Banal na Espiritu na tagapagturo ng katotohanan. Hindi siya matanggap ng mga taong makamundo dahil hindi siya nakikita o nakikilala ng mga ito. Pero kilala n'yo siya, dahil kasama n'yo siya at sasainyo magpakailanman."* **JUAN 14:16–17**

Ang Banal na Espiritu ang ating Tagatulong, ang Siyang nagbibigay ng kakayahan sa mga mananampalataya para harapin ang hirap at ginhawa ng buhay nang may pananampalataya at katiyakan sa Diyos. Dahil alam nating palagi nating kasama ang Espiritu ng Diyos, buong tapang nating maipapamuhay ang buhay na itinakda ng ebanghelyo at buong tiwala nating masusunod ang Kanyang tawag na maging mga kamay at paa Niya sa mga tao sa paligid natin. Binibigyan tayo ng Banal na Espiritu ng kapangyarihan para maibahagi natin kung sino si Jesus sa ating mga kaibigan at pamilya, at pati na rin sa mga komunidad sa paligid natin. Anu-ano pa ang mga paraan kung paano tayo tinutulungan ng Banal na Espiritu para magawa nating sundin ang tawag ng Diyos para sa atin? (Mga Taga-Galacia 5:22–23 at 1 Corinto 12:4–11).

## APPLICATION

- Nananahan sa iyo ang Banal na Espiritu. Paano naaapektuhan ng kaalamang ito ang pagtingin mo sa iyong sarili at ang paraan mo ng pamumuhay?
- Mayroon bang mga aspeto tungkol sa Diyos o sa Kanyang salita na nahihirapan kang unawain o tanggapin? Sa paglalaan mo ng panahon sa pagbabasa ng salita at pagdarasal, hilingin mong tulungan ka ng Banal na Espiritu.
- Paano ka natutulungan ng Banal na Espiritung sundin ang tawag ng Diyos sa panahong ito? Ano ang mga kaloob na ibinigay Niya sa iyo at paano ka lalago sa mga ito?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos dahil ipinadala Niya ang Banal na Espiritu para manahan sa atin, tulungan tayong mamuhay nang banal at bigyan tayo ng kakayahan para buong tapang na ipahayag si Cristo sa mundo. Ipanalangin na magkaroon tayo ng lumalagong kamalayan tungkol sa Kanyang presensya sa ating buhay.
- Hilingin sa Diyos na palaguin Niya ang iyong pagiging sensitibo sa Banal na Espiritu, para marinig mo ang Kanyang paggabay, matanggap mo ang Kanyang biyaya, at magawa mong sumunod at mamuhay nang naaayon sa Espiritu.
- Ipanalangin na ipakita sa iyo ng Diyos ang mga espiritwal na kaloob na ibinigay Niya sa iyo habang sinusunod mo ang Kanyang tawag at misyong ipangaral ang ebanghelyo at paglingkuran ang mga tao sa paligid mo.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2023 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Ernie Aragon, Brandel Manalastas, Chrysse Manuel-Pili, Elijah Minguez, Bea Salcedo, Ian Susi, Kriscel Wee

victory.org.ph

I-scan ang QR code para makita ang iba pang babasahing may kaugnayan sa paksa.